COVID-19
Kumakalat na ang Omicron variant, maging alerto sa paparating na Year-end at New Year holidays (Sipi)

Ika-24 ng Disyembre taong 2021

○ Sa kasalukuyan, ay may bagong impeksyong kumakalat sa buong mundo, ang “Omicron variant”. Ito ay tinatayang mga 3 beses na mas mabilis makahawa kaysa sa Delta variant, at mabilis na tumataas ang bilang ng mga nahawaang tao sa Africa at sa mga bansang nasa kanluran.

○ Tumataas ang panganib ng impeksyon habang papalamig ang panahon, mas madalas ang pananatili ng mga tao sa loob ng mga saradong lugar at dahil malapit nang magtapos ang taon ay mas marami ding mga pagkakataon ng mga pagsasalu-salo, Christmas, Year-end at New Year’s parties.

○ Maging sa kaso ng Omicron variant, ang mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagsusuot ng mask at kalinisan ng kamay ng bawat indibiduwal ay nanatiling mahalaga.

○ Upang maprotektahan natin ang ating sarili at ang ating mga mahal sa buhay, maingat nating patuloy na isagawa ang mga pangunahing hakbang sa pag-iwas sa impeksyon, lubusang maghanda para sa panganib na dulot nito sa panahon ng Year-end at New Year holidays sa pagsalubong natin sa bagong taon.

(Sanggunian) Kabuuang bilang ng mga nahawaang tao bawat variant sa England (mula noong Disyembre 20)

Sa England, inabot ng 64 na araw ang Delta variant sa kasagsagan ng 5th wave upang umabot sa kabuuang bilang na 5,000 kataong nahawaan, samantalang ang Omicron variant ay umabot dito sa loob ng 27 na araw lamang. (Mas mabilis ng 2.4 na beses)